# TUNDO: LUNDAYAN NG MATATALINONG MANGGAGAWA

**Prof. Raul Roland Sebastian**

*Nababanggit sa tuwina ang lugar ng Tundo sa bawat salaysay sa buhay at pakikibaka ni Gat Andres Bonifacio. Hindi rin maiwawaglit ang Tundo kapag pinag-uusapan ang Katipunan o maging ang mga sumunod pang mga organisasyong mapanghimagsik gaya ng Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930. Sa artikulong ito, iniuugnay ng may-akda ang habitus o kontekstong panlunan sa mga mahahalagang kaganapan sa kasaysayan at sa partikular ang paghihimagsik na pinasimulan nina A. Bonifacio at iba pang taga-Tundo. Tinutukoy nito ang kalagayan na ang kalakhan ng nananahan sa Tundo ay mga manggagawa, mangingisda at iba pang anakpawis na ayon sa may akda ay maaring magpaliwanag sa radikal at mapanghimagsik na tradisyon ng Tundo.*

*(The district of Tundo in Manila will always be associated with the life and struggle of Andres Bonifacio. In fact, Tundo will always be mentioned when discussing the birth of Katipunan and other revolutionary organizations like the 1930-founded Partido Komunista ng Pilipinas. In this paper, the author directly relate the habitus and the social/demographic context of Tundo as a factor in the radical and revolutionary tradition of the people of Tundo.)*

*Key words: Tundo, Bonifacio, Katipunan, lundayan ng manggagawa*

Mahalaga ang paksa ng pagsasa-imahe. Kritikal ang implikasyon nito sa binibigyan ng imahe/kakanyahan, lalo pa kung ang nagtatakda ay mula sa labas ng grupong isinasa-imahe. Napatunayan na ito ng diskurso sa kolonyalismo, kung saan ang nalilikhang negatibong imahe ng kolonyang walang tinig ay mula sa Iba, ang nakapangyayaring elementong nasa sentro ng burukrasya. Madalas pa na ang imaheng nalilikha ay monolitiko at mapanglahat/mapangbuod, na tila baga ito lamang ang tanging kakanyahan na mayroon ang isang lugar o grupo ng mga tao. Kapansin-pansin ito sa penomenon ng pagsasa-imahe sa Tundo. Sa pakikipag-umpukan ng may-akda sa ilang grupo ukol sa persepsyon ng mga tao sa Tundo, ang pangkaraniwang salitang lumitaw ay 'magulo.' Ang ilan pang katagang naisulat ay 'delikado,' 'maraming siga,' 'lugar ng mga krimen,' at 'nakakatakot.' Ang ganitong pagsasa-imahe ay napayabong ng midya, sa porma ng radyo at telebisyon. Madalas na ipinapakita sa mga pahayagan ang larawan ng mga mahihirap na komunidad ng lugar, lalo na ang tanyag na Smokey Mountain. Walang duda na ang midya ang naging daan upang makilala ang Tundo bilang 'bakuran' at 'maruming kusina' ng Maynila. Naging kilala rin ang Tundo bilang

lugar na pinangyayarihan ng iba't ibang mga gang wars. Sumikat ang mga alyas ng mga pinuno ng mga gang sa Tundo tulad ni Asiong Salonga, Totoy Golem, Ben Ulo, at Adiong Sikat. Higit na naipakilala sa masa ang Tundo bilang tanghalan ng kaguluhan sa pamamagitan ng mga pelikulang bakbakan na ang pinagganapan ay Tundo. Ang ilan sa mga ito ay pinagbidahan ng mga batikang aktor tulad nina Fernando Po Jr., Robin Padilla, Rudy Fernandez, Bong Revilla,Rey Malonzo, John Regala at Joseph Estrada.

Sa isang banda, hindi maitatanggi na may bakas ng katotohanan ang imaheng nalikha ng midya ukol sa Tundo. Datapuwat, marapat igiit na ang kumbensyunal na imaheng nalikha ay may bahid ng eksaherasyon. Bukod dito, hindi ipinapakita ng nakagisnang imahe ang kabuuan ng Tundo. Sa isa ko pang papel na isinulat ukol sa Tundo,[1] naipakita ko ang kabilang mukha ng lugar. Una, ito ang pinagdausan ng mga makasaysayang pangyayari, na may saysay sa pambansang naratibo tulad ng Labanan sa Bangkusay sa pagitan nina Raha Sulayman at Lakandula laban kay Legaspi; Sabwatan sa Tundo na pinangunahan ni Magat Salamat; pagkakatatag ng La Liga Filipina ni Jose Rizal; pook na pinagsilangan kay Andres Bonifacio; at pag-usbong ng pinaka unang pambansang simbahan, ang Iglesia Filipina Independiente sa pamumuno nina Padre Gregorio Aglipay at Isabelo delos Reyes. Ikalawa, marapat ding tingnan ang pagiging relihiyoso ng mga naninirahan sa Tundo. Maraming mga samahang pangrelihiyon ang naitatag sa lugar tulad ng Block Rosary, San Roque Kursilyo, Legion of Mary, samahang Nazareno at Adoracion Nocturna.

Bukod sa mga ito, mayroon pang isang imahe ang Tundo na hindi napagtutuunan ng pansin. Ito ay ang papel ng Tundo bilang lunsaran/lundayan ng matatalinong manggagawa (intellectual working class).Mainam na linawin sa bahaging ito ang katuturan ng terminong matalinong manggagawa. Ito ay hindi nakakahon (sa kabaliktaran ay nakaalpas pa nga) sa akademiko-teoretikal na pagpapakahulugan na nagmula sa Kanluran, kung saan ang batayan ay nakasalig sa dami ng datos na maiiimbak sa memorya, mga aklat na naisulat, at mga programang pang-akademya na natapos. Ang termino ay mas malapit sa konsepto ng praxis o sa praktikal na bahagi ng karunungan. Ang manipestasyon nito ay matutunghayan sa kabihasaan sa partikular na papel na

1 Ang Tundo sa Kontemporaryong Panahon: Isang Antropolohikal na Pagtingin sa Imahe ng Tundo Ayon sa Salaysay ng mga Taga-rito.

ginagampanan sa lipunang kinabibilangan, pagiging mulat sa mga mahahalagangkapanahunang isyu, atpagkakaroon ng kamalayan sa mga sistema ng lipunan.Makikita rin ang katangiang ito sa mga pinuno (tulad ng mga pangulo ng unyon at lider ng gang) na may dunong sa pag-oorganisa at pagpapasunod ng napakaraming tao (bagay na marahil hindi kayang gawin ng isang iskolar sa akademya na may dobleng doktorado). Makikita rin ito sa mga umpukan, kung saan nagkakaroon ng palitan ng opinyon ang mga tao ukol sa samu't saring isyung panlipunan (na minsan ay mas may laman pa kaysa sa mga komentarista sa midya).

Ang ganitong *habitus* (pagiging lundayan ng matatalinong manggagawa) ay bunga ng kapaligiran na kinapapalooban ng Tundo, na kapwa nagbibigay ng oportunidad at hamon sa mga taong narito.

Ang Tundo ay ipinagpapalagay na bunga ng pinaghalong sibilisasyon ng Kapampangan at Katagalugan.[2] Ito ay kapwa pamayanan sa baybay dagat at tabing ilog (ilawud). Nakaharap ito sa look ng Maynila at napapagitnaan ng Ilog Pasig at Ilog Navotas. Ito ang dahilan kung kaya naman napakayaman ng Tundo sa yamang tubig, gayundin sa iba pang likas na yaman.[3] Tinalakay ni Prop. Gil Gotiangco ang tungkol dito sa kanyang papel na Tondo 19th Century.[4] Ayon sa kanya, mayroong lugar sa Tundo na tinatawag na Umbuyang, kung saan ibinibilad ang mga tuyo. Mayroon din doong Sunog-apog, isang lugar kung saan sinusunog ang mga talaba upang maging apog na pangunahing sangkap ng nganga at ginagamit din sa pagtatayo ng mga bahay at gusali. Naroon din ang bilaong na pinaglalagyan ng mga tahong. Tampok din sa lugar ang kawayanan na imbakan ng mga kawayan, at matadero o katayan ng mga hayop na kakainin. Naglatag din ng maraming datos ukol dito si Dr. Nancy Kimuell-Gabriel. Alinsunod sa kanyang papel, tinawag  nadating Hardin ng Maynila ang Tundo, dahil dito mabibili

---

2 Zeus Salazar, Pantayong Pananaw: Kasaysayang Pampook, Pambayan at Pambansa, matatagpuan sa Atoy Navarro, Vicente Villan, Mary Jane Rodriguez, mga patnugot, *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), pah. 8.

3 Nancy Kimuel Gabriel, Ang Tundo sa Inskripsyon ng Binatbat na Tanso ng Laguna(900 MK.-1588),matatagpuan sa Jaime Tiongson, patnugot, *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (Laguna: Bagong Kasaysayan Inc., at Pila Historical Society Foundation Inc.) pah. 114-116.

4 Gil Gotiangco, Tondo *19th Century*, itinampok sa pambansang kumperensyang Dangal at Kabayanihan ni Andres Bonifacio, na inihanda ng PUP Departamento ng Kasaysayan noong 26 Nobyembre 2013.

ang iba't ibang uri ng prutas gaya ng mandarin at saging. Dito rin kalimitang nanggagaling ang sariwang gatas ng kalabaw, kaya naman marami ritong lechera o nagbebenta ng gatas (ang lechesa wikang Kastila ay gatas). Sa Tundo rin matatagpuan ang pagawaan ng keso at mantekilya. Hanggang ngayon ay mayroon paring lugar sa Tundo na tinatawag na Tutuban, dahil dati itong pagawaan ng mga tuba. Samantala, maraming teorya ukol sa pinanggalingan ng salitang Tundo, gayunpaman karamihan ay may kaugnayan pa rin sa mayamang kapaligiran ng pamayanan. Ayon parin sa papel ni Gabriel, ito ay galing sa salitang tundo na tumutukoy sa paraan ng panghuhuli ng isda gamit ang kawit at hindi ang lambat. Maaari ring galing ito sa salitang tandu na tawag sa mga pook ng Malay at Indonesya.

Ang isa pang mungkahi ay nagmula ito sa salitang tunduk na ibig sabihin ay yuko o hukot. Sa kanyang paglalagom, nagkakatulad ang mga termino sa pagtukoy sa hugis na nakabaluktot na siyang hugis ng kawit o pain ng isda, ideyang angkop sa uri ng pamumuhay sa Tundo na isang pamayanang nangingisda.[5]

Sa ganitong konteksto ng kapaligiran nahubog ang pamayanan ng Tundo. Sa isang banda, ang mayabong na heyograpikal na kalagayan ng pamayanan ay nagbigay ng oportunidad, sa porma ng materyal na yaman, sa mga taong narito. Nagdulot ito ng samu't saring uri ng industriya, na nagluwal naman sa maraming manggagawa. Ilan sa mga establisimyentong naipatayo sa Tundo na nagbigay ng hanapbuhay sa mga taong narito ay ang Alhambra Tobacco and Cigars, Proctor and Gamble Philippine Manufacturing Co.,Tondo Primary School,Mary Johnsons Hospital, Tundo Fire Station, at Compania de las Tranvias de Filipinas.[6] Naipatayo rin sa Tundo ang Teatro de Tondo at Teatro Zorilla, at ang unang istasyon ng Manila Railway Corporation.[7]Liban pa sa mga trabahong dala ng mga ito, tulad ng naitala nang una, marami pang uri ng paggawa ang naidulot ng mayamang kapaligiran ng Tundo gaya ng pangingisda, pagsasaka, pagmamason, pagsasapatero, pag-iigib ng tubig, at pangangalesa. Naging sentro rin ng komersyo

---

5 Nancy Kimuel Gabriel, Ang Tundo sa Inskripsyon ng Binatbat na Tanso ng Laguna, pah. 120-124.

6 *Tondo and the "Other" Tondo.*

7 John Foreman, *The Philippine Islands: A Political, Geographical, Ethnographical, Social and Commercial History of the Philippine Archipelago Embracing the Whole Period of Spanish Rule* (London: T. Fisher Unwin 1, Adelphi Terrace, 1905),pah. 265, 349.

ang Tundo, kaya naman maraming mga mangangalakal at tindero ang naglipana sa lugar. Naisalamin niJuan Arsciwalssa isang talata ng kanyang nobelang Isa Pang Bayani ang lipunan ng Tundo bilang pugad ng mga manggagawa: "Umaga ng ika 29 ng Hunio ng 1914. Ang maluwang na daang Azcarraga, sa dakong Tundo sa panulukan ng daang Ilaya, na kinatatayuan ng isang malaking pagawaan ng tabako, ay marami ang nagtayong mga manggagawa; mga babai't lalaki, matatanda't bata."[8]

Ang istratehikong lokasyon din ng Tundo (bilang baybay dagat at tabing ilog) ay nagdala ng isa pang naiibang oportunidad sa pamayanan. Bilang daungan ng maraming mangangalakal na nagbuhat sa iba't ibang bahagi ng kapuluan at maging sa ibang bansa pa nga, liban sa samu't saring mga banyagang produktong materyal ay tila nagmistulang imbakang palayok ang Tundo na tumanggap ng iba't ibang produktong ideyolohikal o mga tradisyong intelektuwal (intellectual traditions).

Bagaman ilan sa mga ideyolohiyang tinanggap ay mula sa labas o banyaga, ang mga ito ay epektibong nailapat ng mga taga-Tundo sa kanilang partikular na sitwasyon upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang lokal na lipunan. Ang isang halimbawa ng banyagang ideyolohiyang dumating sa Tundo bunga ng mayabong na kalakalan ay ang Marxismo, na kalaunan ay isa sa mga pinaka mahahalagang elemento na huhubog sa mga matatalinong manggagawa ng lugar. Gaya ng iginigiit ni Dr. Ramon Guillermo, bagaman ang Marxismo ay banyaga at hindi taal sa kalinangan ng Kapilipinuhan tulad ng paninindigan ni Dr. Zeus Salazar, ang Marxismo ay nagkaroon na ng saysay sa kontekstong Pilipino dahil dumaan na ito sa proseso ng indehinisasyon, pagpopook, o kontekstuwalisasyon, o sa mas payak na termino ay 'pagsasa-Pilipino.'[9]

Sa kabilang banda naman, nagdala rin ng hamon ang mayamang heyograpiya ng Tundo sa mga taong narito. Dahil sa likas na yamang taglay nito at dahil na rin sa malapit na distansya sa Maynila, naging sentro ito ng eksploytasyon ng kolonyalismo. Pagkatapos ng ilang siglo ng kolonyalismo, ang pumalit namang elemento na umabuso sa yaman ng Tundo ay ang kapitalismo (kaakbay ng pulitika at burukrasya).Ang naganap lamang ay

8 Juan Arsciwals, *Isa Pang Bayani* (Manila:P. Sayo Vda. de Soriano, 1915) pah. 13.
9 Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.*

pagpapalit ng panginoon, mula sa mga banyagang kolonisador ay napunta ang kapangyarihan sa mga kapwa Pilipinong kapitalista at mga pulitiko. Ito marahil ang lohikal na kasagutan sa misteryosong kabalintunaang namamayani sa Tundo, na kung gaano ito pinagpala sa likas na yaman ng kapaligiran ay ganito naman itong isinumpa sa kahirapan at mga suliraning panlipunan: ang nakinabang sa mga yamang pangkapaligiran ng Tundo ay hindi ang mga nananahan dito, bagkus ay ang mga kolonisador at mga kapitalista. Liban pa sa pagsasamantalang pang-ekonomiya, nakaranas din ang Tundo ng eksploytasyong pangkasarian sa porma ng prostitusyon, ang panlipunang kanser na naging tampok sa lugar noong panahon ng kolonyalismo at maging pagkatapos nito.

Bilang reaksyon sa mapang-abusong hamon ng kolonyalismo at kapitalismo, iniluwal ng Tundo ang mga matatalinong manggagawa upang magsilbing pananggalang ng lipunan. Mapapansin na ang oportunidad (ng paggawa at tradisyong intelektuwal) at ang hamon (ng kolonyalismo at kapitalismo) na nagbigay daan sa pagsilang ng mga matatalinong manggagawa ay kapwa bunga ng kapaligiran. Samakatuwid, ganito ang buod ng senaryo ng pagkakahubog ng mga matatalinong manggagawa sa Tundo: 1.) bilang tugon sa pangangailangan na maproseso ang mayabong na likas na yaman para sa lipunan ay dumami ang mga manggagawa; 2.) naging atraksyon sa mata ng kolonyalismo at kapitalismo ang mayamang kapaligiran ng Tundo at naglunsad sila ng eksploytasyong pang-ekonomiya; 3.) bilang epekto ng pagsasamantala ay naghirap ang lipunan sampu ng mga manggagawa na dapat sana ay nakikinabang sa bunga ng kanilang sariling paggawa; 4.) dahil sa istratehikong lokasyon nito ay dumating ang iba't ibang ideyolohiya sa Tundo tulad ng Marxismo; 5.) ginamit ng mga manggagawa ang mga intelektuwal na tradisyon tulad ng Marxismo upang ipagtanggol ang kanilang uri at ang lipunan ng Tundo laban sa kolonyalismo at kapitalismo.

Hindi nakapagtataka na ang panggigipit at pambubusabos ng kolonyalismo at kapitalismo ang hamon na humulma sa matatalinong manggagawa, na sila ring tagapagbitbit ng radikal na tradisyon. Mapapansinna ang Tundo ang isa sa mga pook na may pinaka mahabang kasaysayan ng radikal na tradisyon. Mababanaag din na ang pagsusulong ng radikal na tradisyon sa Tundo ay pinangungunahan ng liping manggagawa. Noong ikalabingwalong dantaon, nakisangkot ang mga magsasaka ng Tundo sa malawakang pag-aalsa ng Katagalugan laban sa mga Espanyol dahil

sa pangangamkam at pagpapataw ng matataas na buwis sa lupa ng mga prayle.[10]Pagsapit ng ikahuling bahagi ng ikalabingsiyam na dantaon, ang nagpasimula ng Himagsikang Pilipino ay isang lehitimong anak ng Tundo at ama ng Katipunan, si Andres Bonifacio na isang plebeyo/timawa at mula sa liping manggagawa. Sa maagang bahagi naman ng ikadalawampung dantaon, isa sa mga pinaka huling sumukong heneral sa mga Amerikano ay ang pangulo ng Republikang Tagalog na si Macario Sakay, isa muling taga-Tundo na bago sumabak sa rebolusyon ay naging mananahi at trabahador sa pagawaan ng kalesa.[11]Marahil mainam na bigyang interpretasyon ang agresibong pag-uugali ng mga taga-Tundo sa liwanag at konteksto ng mahabang kasaysayan ng radikal na tradisyon ng lugar. Tulad ng ipinahayag ni Gotiangco, totoo na agresibo ang mga taga-Tundo, ngunit ang ganitong pag-aasal ay isa lamang uri ng kanilang defense mechanism, bilang grupo ng mga tao na sa mahabang panahon ay nagbata ng napakaraming pagpapapagal sa kamay ng kolonyalismo at kapitalismo.Idagdag pa dito ang paglitaw ng mga artista sa entablado,radyo,panulat at telebisyon.Maging ang mga manghihimagsik na sina Bonifacio at Macario Sakay ay mga artista sa entablado.Samantalang, ang itinuturing na Hari ng Komedya na si Dolphy ay sumibol din sa Tundo.

Angkop na angkop ang Marxismo sa ganitong radikal na tradisyon ng mga manggagawang taga-Tundo. Tila baga naging tagapaghanda (forerunner o proto-type pa marahil) ng Marxismo ang rebolusyonaryong tradisyon ng mga manggagawa, na nagdulot sa Tundo upang maging matabang lupa sa pagdating ng Marxismo. Kaya hindi na nakapagtataka kung bakit naging sentro ng aktibismo at pakikibakaang Tundo sa pagpasok ng kontemporaryong panahon.

Isang halimbawa na rito ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ang istruktura ng samahan ay binubuo ng tatlong bahagi: purok (district), balangay (section), at buklod (nuclei). Noong 1933 binalak nila na maglatag ng labindalawang purok na sasaklaw mula Batanes hanggang Sulu, alalaumbaga'y buong arkipelago ng Pilipinas. Bawat purok naman ay maglalaman ng mga balangay at sa loob ng balangay ay makikita ang buklod. Gayunman hindi

10 O.D. Corpuz, *The Roots of the Filipino Nation* (Quezon City: Aklahi Foundation Inc., 1989) pah. 292-302.

11 Reynaldo Ileto, *Pasyon and Revolution* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011), pah. 174.

natupad ang plano nila dahil sa kakaunting miyembro ng samahan. Noong 1931 mayroon silang kasaping naglalaro ang bilang mula 1,500 hanggang 2,000. Ngunit noong Marso 1933 ay bumaba sa 845 ang kanilang mga miyembro. Pagsapit ng 1935 ay nagsagawa sila ng senso ukol sa distribusyon ng kanilang mga kasapi sa bansa, na noon ay nasa 301 na lamang. Dahil sa kaunting populasyon ng PKP walong balangay lamang ang kanilang naitatag, lima sa mga ito (na naglalaman ng halos kalahati ng pangkabuuang bilang ng PKP) ay nakasentro sa Maynila. Ang ikaunang balangay ng PKP ay nasa Tundo at San Miguel, ang ikalawa ay sa Binondo at San Nicolas, ikatlo sa Sampaloc, ikaapat sa Malabon, ang ikalima ay sumasakop sa ilang industriya tulad ng Philippine Cotton Mill at mga pagawaang pagmamay-ari ng mga Intsik na nasa katimugang bahagi ng Tundo.[12]

Ang Tundo rin ay naging entablado sa mga gawain ng Communist Party of the Philippines, partikular na sa Plaza Moriones, noong katatatag palang nito taong 1930. Noong panahon ng Batas Militar, ang Plaza Moriones ay madalas ding gawing lugar ng pagtitipon ng mga manggagawa at mag-aaral na mga aktibista upang magprotesta laban sa rehimeng Marcos. Kaya naman, ang Plaza Moriones ay nataguriang 'working man's park.' Nagkaroon din ng pag-oorganisa ng mga unyon pang-manggagawasamga industriya saTundo upang mapangalagaan nila ang kanilang sarili laban sa mga kapitalista.Ilan sa mga unyong naitatag sa Tundo ay ang Tondo Medical Center Employees Union-Alliance of Health Workers at Liberty Cotton Mills Workers Union-Philippine Association Of Free Labor Union. Sa Don Bosco, Tundo naman ginanap ang pagdiriwang ng World Day Against Child Labor noong 2010 sa pagtutulungan ng Federation of Free Workers at International Labor Organization.

Samantala, hindi mapagdududahan ang intelektuwalidad na tangan-tangan ng mga manggagawa sa Tundo. Ang isang patunay nito ay ang mga seminarna dapat daluhan ng mga manggagawa bago sila makasali sa mga makakaliwang samahan tulad ng unyon.

Sa mga pagtitipong ito nagaganap ang indoktrinasyon ng mga aral ng Kaliwa. Inaasahan na maunawaan nila kahit na ang payak na buod lamang ng Marxismo. Sa katunayan, maging sa simpleng pag-uumpukan ng mga magkakaibigang manggagawa ay maririnig ang malalim na talastasan ukol sa mga konsepto ng

12 Jim Richardson, *Komunista* (Manila: Ateneo de Manila University Press, 2011) pah. 210-212.

Marxismo at mga suliraning panlipunan.Nakakagulat nga kung minsan na marinig kung gaano kagaling magtalumpati (o kahit na magsalita lamang sa impormal na pakikipagkuwentuhan) ang isang manggagawang Marxista, na hindi nakatuntong sa kolehiyo. Ito rin marahil ang patunay na ang Marxismo per seay isa nang uri ng edukasyon. Tulad ng una nang nabanggit sa simula ng papel, ang isang pagkakaiba lamang talaga sa pagitan ng karunungan ng mga manggagawa sa Tundoat katalinuhan ng mga iskolar sa akademya ay ito: habang ang mga iskolar ay puro lamang diskurso, ang mga manggagawa ay nakikipagtalastasan din ngunit ang kinahihinatnan ng talastasan ay kanilang inilalapat bilang aksyon para sa panlipunang transpormasyon. Samakatuwid, habang ang mga intelektuwal sa akademya ay tila baga nakalutang na sa alapaap ng mga teorya't pilosopiya, ang mga matatalinong manggagawa ng Tundo ay patuloy pa ring nakayapak sa lupa.Kaya naman, sila ang malinaw at payak na nakakikita at tumutugon sa mga panlipunang reyalidad. Taliwas sa ilang intelektwal na puro lamang diskurso at pasarap sa kanilang mga opisina, ang mga matatalinong manggagawa ang naglulunsad ng mga kilos protesta at armadong pakikipaglaban. Mainam na sang-ayunan ang pahayag ni E. San Juan na sa kasaysayan,madalas na ang mga elitistang intelektuwal ay kumikilos lamang para sa kanilang pansariling kapakanan.[13]Sa kabaliktaran, ang mga matatalinong manggagawa, tulad ng mga nasa Tundo, ang tunay na nakikipagtalastasan para sa bayan. Sila ang nakauunawa na ang intelektuwalidad ay hindi marapat na mahiwalay sa pakikibaka. Ang teorya at praktis ay hindi dapat magkahiwalay (dichotomizing mindset).

Bilang paglalagom, ang pagsasa-imahe ng midya lalo na ng mga pelikulang bakbakan (sa kabila ng pagkakaroon ng bahid katotohanan) ay hindi holistiko, dahil ipinapakita lamang nito ang negatibong bahagi ng Tundo. Sa katunayan, ang Tundo ay tanghalan ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas at pook din ito ng ispirituwalidad. Liban pa rito, ang Tundo ay lundayan ng matatalinong manggagawa.Sila ay nahubog ng oportunidad (sa porma ng iba't ibang industriya ng paggawa at intelektuwal na tradisyon) at hamon (sa hubog ng kolonyalismo at kapitalismo) na kapwa dulot ng mayabong na kapaligiranat istratehikong lokasyon ng Tundo. Bunga ng hamon ng kolonyalismo at kapitalismo ay nabuo rin sa Tundo ang mahabang tradisyon ng radikal na pakikibaka. Ang kanilang rebolusyonaryong karanasan

13 E. San Juan, *Only by Struggle* (Quezon City: Giraffe Books, 2002).

ang nagpadali ng pagtanggap nila sa Marxismo. Sa pagpasok ng kontemporaryong panahon ay naging sentro ang Tundo ng gawain ng mga samahan ng Kaliwa, at marami ring mga unyon ang nagpugad sa pook. Dulot ng sariling angking talino at dunong na dala ng Marxismo, napayabong ng mga manggagawa ng Tundo ang kanilang intelektuwalidad. Ang kanilang karunungan ay naiiba sa Kanluraning konsepto ng katalinuhan ng mga iskolar sa akademya, na ang dunong ay nakakahon lamang sa diskursong teoretikal. Ang karunungan ng mga matatalinong manggagawa ng Tundo ay idinidikit nila sapraxis o praktikal at konkretong aplikasyon, na higit na makikita sa pagsasanib ng intelektuwal at radikal na tradisyon. Ang kanilang talastasan ay nagbubunga ng mga aksyong naglalayon ng pagbabagong panlipunan.

## SANGGUNIAN


Arsciwals, Juan. *Isa Pang Bayan*i. Manila. P. Sayo Vda. de Soriano. 1915.

Corpuz, O.D. *The Roots of the Filipino Nation*. Quezon City. Aklahi Foundation Inc. 1989

Foreman, John. *The Philippine Islands: A Political, Geographical, Ethnographical, Social and Commercial History of the Philippine Archipelago Embracing the Whole Period of Spanish Rule.*

London. T. Fisher Unwin 1, Adelphi Terrace. 1905

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City. Ateneo de Manila UniversityPress. 2011.

Navarro, Atoy, Vicente Villan, Mary Jane Rodriguez. Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Quezon.Palimbagan ng Lahi. 2000.

Richardson, Jim. *Komunista: The Genesis of the Philippine Communist Party*. Manila. Ateneo de Manila University Press. 2011.

San Juan, Epifanio. *Only by Struggle*. Quezon City: Giraffe Books. 2002.

Sebastian Raul Roland.*Ang Tundo sa Kontemporaryong Panahon:Isang Antropolohikal na Pagtingin sa Imahe ng Tundo Ayon sa mga Taga-rito*. Nasa:Mabini Review.Manila. PUP.2008.

Tiongson, Jaime Figueroa. *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Laguna. Bagong Kasaysayan Inc., and Pila Historical Society Foundation Inc. 2010.